

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-27 ng Mayo 2020

ANONG BAGO NGAYONG ARAW

UPDATE MULA SA KEMH

Ang karagdagang batch ng sampung (10) mga pagsusuri na isinagawa ng KEMH ay lumabas na negatibo sa COVID-19.

PAGSUSURI NG ANTIBODY

Inaprubahan ng Gobeyrno ng UK ang mga pagsusuri ng antibody o antibody tests, at sa mga susunod na petsa, inaasahan ng Falkland Islands na makakuha ng mga pagsusuri na ito.

Tinitingnan na ng ating ospital kung papaano tayo makakapagsagawa ng mga pagsusuring ito.

Sinusuri ng antibody test ang dugo para tingnan kung ito ay nagkaroon na ng impeksiyon ng COVID-19.

Kalaunan ay maghahanap kami ng mga tao na interesado na sumailalim sa pagsusuri ng kanilang dugo, kung naniniwala sila na maaaring sila ay nagkaroon ng impeksyon ng COVID-19.

GOOSE GREEN LIBERATION

Ang serbisyo para sa Goose Green Liberation ay magaganap ngayong Biyernes, ika-29 ng Mayo, sa ganap na alas onse ng umaga sa Goose Green.

Gayunpaman, dahil sa COVID-19, ito ay mas maikling service para ipagdiwang ang okasyon.

Ang Kagalang-galang na Gobernador at MLA Teslyn Barkman ay mag-aalay ng mga wreathes, habang si Reverend Ian Faulds naman ang magsasagawa ng serbisyo.

Sinumang mga madalas na dumadalo dito ay maaaring sumama ngunit sila ay kinakailangang sumunod sa social distancing, o manood mula sa kanilang mga sasakyan.

Ang karaniwang pagtitipon pagkatapos ng serbisyo ay hindi posible ngayong taon.

PAGSUSURI SA PAGMAMANEHO

Magbibigay na muli ang Falkland College ng pagsusuri sa pagmamaneho mula ika-1 ng Hunyo.